

MGA BAGONG TUNTUNIN NG CALIFORNIA PARA SA PAGKAKATAON SA TRABAHO AT RESPONSABILIDAD SA MGA BATA (WORK OPPORTUNITY AND RESPONSIBILITY TO KIDS, CALWORKS) PARA SA SAFETY NET AT MGA PARTIKULAR NA KASO NA TUNGKOL LAMANG SA BATA

Ang mga tuntunin sa Suporta sa Anak ay nagbago para sa inyong pamilya. Nakakakuha lang kayo ng tulong na pera sa CalWORKs para sa inyong (mga) anak. Narito ang mga pagbabagong naaangkop sa inyo:

- Hindi na ninyo kailangang “italaga” sa county ang inyong mga karapatan sa suporta sa inyong anak, gayunpaman, mayroong mga benepisyo para sa inyo at sa inyong (mga) anak sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaso tungkol sa suporta sa anak sa Local Child Support Agency (LCSA);
- Ang halagang ibibigay sa inyo ay hindi magbabago kung ayaw ninyo ng mga serbisyo ng LCSA para sa suporta sa anak, kasama ang paghanap sa magulang na walang kustodiya (wala) ng inyong (mga) anak o pagsusumikap na hanapin ang tatay para sa inyong (mga) anak;
 - o Dapat ninyong malaman na ang paghanap sa magulang na walang kustodiya at pagsusumikap na hanapin ang tatay ay makakatulong sa inyo sa hinaharap sa pangongolekta ng suporta sa anak kung kailangan ninyo ito; at
 - o Sa hinaharap, kung magiging karapat-dapat kayo para sa tulong na pera, maaaring maglapat ng ibang mga tuntunin para sa suporta sa anak.
- Makukuha ninyo ang lahat ng perang suporta sa anak na ibibigay sa inyo ng magulang na walang kustodiya o na makokolekta ng LCSA para sa inyo. Hindi ninyo ito kailangang isumite sa county;
- Kung mayroon na kayong bukas na kaso ng suporta sa anak sa LCSA, wala kayong kailangang gawin upang patuloy na ipakolekta para sa inyo ang inyong suporta sa anak. Itala ang halaga ng suporta sa anak na natatanggap ninyo at ang petsa nang natanggap ninyo ito. Kakailanganin ninyong iulat sa county ang matatanggap ninyong perang suporta sa anak;
- Kung wala kayong bukas na kaso ng suporta sa anak sa LCSA, kakailanganin ninyong mag-apply para sa mga serbisyo sa suporta sa anak sa LCSA upang hanapin ang tatay para sa inyong anak kung kailangan, at ipakolekta ang suporta sa inyong anak at ipadala ito sa inyo. Makakatulong sa inyo ang county upang gawin ito;
- Ang suporta sa anak na kinokolekta ng LCSA at ipinapadala sa inyo ay hindi na babayaran ang tulong na ibinayad sa inyong pamilya kaya hindi na “aalisin” ng 48 buwan na time clock ng CalWORKS ang mga buwan ng tulong;
- Kapag direkta ninyong natatanggap ang perang suporta sa inyong anak, kakailanganin na ninyo ngayong iulat ang suporta sa anak bilang kita kung hinihiling sa inyong gawin ito ng mga tuntunin ng pag-uulat ng kita;
- Kung tumatanggap kayo ng kitang suporta sa anak, para sa inyong (mga) anak sa CalWORKs, hindi namin binibilang ang unang \$50 sa bawat buwan. Ang natitira ay maaaring ibilang sa ibinigay sa inyo ng CalWORKs;
- Kung tumatanggap din kayo ng CalFresh, anumang kitang suporta sa anak na nakukuha ninyo ay maaaring gamitin upang alamin ang halaga ng inyong mga benepisyo sa CalFresh.

Kung mayroon kayong anumang mga tanong, mangyaring tawagan kaagad ang county.
